



Filipino

فلپینی تجالوج

فَضْلُ عَشْرِ ذِي الْحِجَّةِ

Ang Kainaman ng Sampung Araw ng Dhulhijjah



Ang Lupong Pangkaalaman sa Panguluhan ng
mga Kapakanang Panrelihiyon sa Masjid na
Pinakababanal at Masjid ng Propeta

٢٠١٤٤٨ (ج) جمعية خدمة المحتوى الإسلامي باللغات ، ١٤٤٨ هـ

جمعية خدمة المحتوى الإسلامي باللغات
فضل عشر ذي الحجة - فلبيني تجالوج. / جمعية خدمة
المحتوى الإسلامي باللغات - ط١. -. الرياض ، ١٤٤٨ هـ
١٢ ص ٤ .سم

رقم الإيداع: ١٤٤٨/٥٦١٦
رسمك: ٧-٥١٩-٥١٧-٦٠٣-٩٧٨

فَضْلُ عَشْرِ ذِي الْحِجَّةِ

Ang Kainaman ng Sampung Araw ng Dhulhijjah

اللَّجْنَةُ الْعِلْمِيَّةُ

بِرئاسةِ الشُّؤْنِ الدِّينِيَّةِ بِالمَسْجِدِ الحَرَامِ وَالمَسْجِدِ النَّبَوِيِّ

Ang Lupong Pangkaalaman sa Panguluhan ng mga
Kapakanang Panrelihiyon sa Masjid na
Pinakababanal at Masjid ng Propeta

Ang Kainaman ng Sampung Araw ng Dhulḥijjah

Panimula

Ang papuri ay ukol kay Allāh. ٥Ang basbas at ang pangangalaga ay ukol sa ipinadala bilang awa sa mga nilalang at ukol sa mag-anak niya, mga Kasamahan niya, at sinumang nagsakalakaran ng Sunnah niya at napatnubayan ng patnubay niya hanggang sa Araw ng Pagtutumbas. Sa pagpapatuloy: Ito ay isang pinaiksing mensaheng naglaman ng pinakamahalaga sa kinakailangan ng Muslim kaugnay sa Kainaman ng Sampung Araw ng Dhulḥijjah. Nagtipon kami nito para sa mga lalaki at mga babaing tagabisita sa Dalawang Marangal na Ḥaram nang sa gayon sila ay maging batay sa isang kaalaman at isang pagkatalos sa mga nauukol sa Relihiyon nila, habang umaasa mula sa Mapagbigay na Mapagmagandang-loob, na magpakinabang Siya sa pamamagitan nito at gumawa Siya nito bilang maayos at dalisay para sa Mukha Niya; tunay na Siya ay hinihilingan at pinakamapagbigay na inaasahan.

☪☪Ang Pangkaalamang Lupon ng Kapisanan ng Serbisyo ng Nilalamang Islāmiko sa Maraming Wika

Ang mga Kalamangan ng Sampung Araw ng Dhulḥijjah

Ang Sampung Araw ng Dhulḥijjah ay may dakilang kainaman, na nilinaw ni Allāh (malugod si Allāh sa kanya) sa Aklat Niya at nilinaw ng Sugo Niyang si Muḥammad (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa Sunnah Niya sapagkat ang mga ito ay ang mga araw na sumumpa si Allāh (napakataas Siya) sa mga ito sa Aklat Niya sa sabi Niya:

﴿وَالْفَجْرِ ۝١ وَلَيَالٍ عَشْرٍ ۝٢﴾

{1. Sumpa man sa madaling-araw, 2. sumpa man sa Sampung Gabi,} (Qur'an 89:1-2)

Ang mga ito ay ang Sampung Araw ng Dhulḥijjah gaya ng sinabi nina Ibnu `Abbās, Ibnu Az-Zubayr, Mujāhid, Ibnu Kathīr, Ibnu Al-Qayyim, at hindi iisa sa Salaf at Khalaf.¹²

Ang mga ito ay ang mga araw na ang paggawa sa mga ito ay higit na mainam kaysa sa pakikibaka sa landas ni Allāh (napakataas Siya), batay sa hadith ng Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa), na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang anumang mga araw

¹ Tafsīr Ibnu Kathīr (4/106) at Zād Al-Ma`ād (1/56).

² § Ang Salaf (Hinalinhan) at ang Khalaf (Kahalili) ay ang mga sinaunang Muslim na pinaniniwalaang dalisay ang kapaniwalaan sa Islām.

na ang maayos na gawain sa mga iyon ay higit na kaibig-ibig kay Allāh kaysa sa sampung araw na ito." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, ni ang pakikibaka sa landas ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ni ang pakikibaka sa landas ni Allāh, maliban sa isang lalaking lumabas kalakip ng buhay niya at ari-arian niya saka hindi na bumalik mula roon na may anuman."}¹

Ang mga Kalamangan ng mga Gawain sa Sampung Araw ng Dhulḥijjah

1. Ang pagganap ng ḥajj at `umrah. Ang dalawang ito ay kabilang sa pinakamainam sa mga gawain sa Sampung Araw na ito, batay sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagsagawa ng ḥajj saka sa Bahay na ito [ni Allāh] saka hindi nagpakahalay ni nagpakasuwail, babalik siya gaya ng araw na ipinanganak siya ng ina niya." Sa pananalita ni Imām Muslim: "Ang sinumang pumunta sa Bahay na ito [ni Allāh] saka hindi nagpakahalay ni nagpakasuwail, babalik siya gaya ng araw na ipinanganak siya ng ina niya."² Ang sabi niya: "Ang

¹ Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy at Imām At-Tirmidhīy at ang pananalita ay kay Imām At-Tirmidhīy.

² Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim.

sinumang pumunta sa Bahay na ito [ni Allāh]" ay sumasaklaw ayon sa pagkaintindi dito sa ḥajj at `umrah. Ukol kay Allāh ang papuri! Nagsabi pa siya (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga): "Ang `umrah hanggang sa kasunod na `umrah ay panakip-sala sa pagitan ng dalawang ito. Ang ḥajj na isinamabuting-loob ay walang ganti rito kundi ang Paraiso."¹

2. Ang pag-aayuno sa Siyam na Araw o sa naging posible sa mga ito, batay sa sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang anumang mga araw na ang maayos na gawa sa mga iyon ay higit na kaibig-ibig kay Allāh kaysa sa sampung araw na ito." Ang pag-aayuno ay kabilang sa pinakadakila sa mga maayos na gawain. Humimok nga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at nagpaibig nga siya nito. Kabilang doon ang sabi niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang anumang taong nag-aayuno ng isang araw sa landas ni Allāh malibang maglalayo si Allāh dahil sa araw na iyon ng mukha nito sa apoy nang pitumpung taglagas."²
3. Isinasabatas ang alay sa Araw ng Pag-aalay at mga araw ng Tashrīq. Napagtibay nga na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {... ay nag-alay ng dalawang tupa na kulay puting nahaluan ng itim na may sungay. Kumatay siya ng dalawang ito

¹ Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī at Imām Muslim.

² Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārī at Imām Muslim.

sa pamamagitan ng kamay niya. Bumanggit siya [kay Allāh] at nagdakila. Naglagay siya ng paa niya sa mga gilid ng dalawang ito.}¹

Ayon kay `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang ginawa ang anak ni Adan na gawain sa araw ng pag-aalay na higit na kaibig-ibig kay Allāh kaysa sa pagbububo ng dugo [ng alay]. Tunay na ito ay talagang papupuntahin sa Araw ng Pagbangon kalakip ng mga sungay nito, mga buhok nito, at mga kuko nito. Tunay na ang dugo ay talagang tatanggapin mula kay Allāh sa isang lugar bago ito bumagsak sa lupa kaya magpakaaya-aya kayo rito sa sarili."}²

Kapag pumasok ang Sampung Araw ng Dhulḥijjah "Kapag nakita ninyo ang bagong buwan ng Dhulḥijjah at ninais ng isa sa inyo na mag-alay, magpigil siya sa pagbawas ng buhok niya at mga kuko niya." Sa isang pananalita: "... huwag nga siyang kukuha mula sa buhok niya ni mula sa mga kuko niya ng anuman hanggang sa makapag-alay siya."³

4. Ang pagsambit ng takbīr, tahlīl, at dhikr sa sampung araw na ito at mga araw ng Tashrīq, batay sa hadith ni `Abdullāh bin `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya

¹ Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim.

² Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy.

³ Nagsalaysay nito si Imām Muslim.

ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Walang anumang mga araw na higit na dakila sa ganang kay Allāh ni higit na kaibig-ibig sa Kanya kaysa sa paggawa sa mga ito mula sa sampung araw. Kaya magparami kayo sa mga ito ng tahlīl, takbīr, at taḥmīd."¹²

Ang Takbīr ay dalawang uri ayon sa sumusunod na paraan:

Ang Unang Uri: Ang takbīr na walang-pasubali. Ito ang hindi nalilimitahan sa mga pagtatapos ng mga ṣalāh; bagkus isinasabatas ito sa lahat ng sandali.

Nagsisimula ang takbīr na walang-pasubali sa Pagdiriwang ng Pag-aalay (ʿĪdul'adḥā) mula sa kauna-unahan sa Sampung Araw ng Dhulḥijjah hanggang sa kahuli-hulihang araw ng mga araw ng Tashrīq; sa lahat ng mga sandali sa gabi, maghapon, daan, mga lansangan, mga masjid, mga tahanan; at sa bawat lugar na pinapayagan dito ang pagbanggit kay Allāh (napakataas Siya).

Ang Ikalawang Uri: Ang takbīr na nalilimitahan. Ito ang nalilimitahan sa mga pagtatapos ng mga ṣalāh sa Pagdiriwang ng Pag-aalay (ʿĪdul'adḥā) lalo na. Ang oras nito at ang paraan nito ay ayon sa sumusunod na

¹ Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad.

² § Ang tahlīl ay ang pagsambit ng "Lā ilāha illa -llāh (Walang Diyos kundi si Allāh)," ang takbīr ang pagsambit ng "Allāhu akbar (Si Allāh ay pinakadakila)," at ang taḥmīd ang pagsambit ng "Alḥamdu lillah (Ang papuri ay ukol kay Allāh)."

paraan:

- A. Nagsisimula ang takbīr na nalilimitahan matapos kaagad ng ṣalāh na fajr sa Araw ng `Arafah at nagwawakas ito matapos ng ṣalāh na `aṣr sa ikatlong araw ng mga araw ng Tashrīq. Ito ay para sa hindi tagapagsagawa ng ḥajj. Hinggil naman sa tagapagsagawa ng ḥajj, nagsisimula ang takbīr na nalilimitahan sa panig nito mula sa tanghali ng Araw ng Pag-aalay.
- B. Ang paraan ng pagsambit ng takbīr: "Allāhu akbar, Allāhu akbar. Lā ilāha illa -llāhu, wa-llāhu akbar, wa-lillāhi -lḥamd. (Si Allāh ay pinakadakila. Si Allāh ay pinakadakila. Walang Diyos kundi si Allāh. Si Allāh ay pinakadakila. Si Allāh ay pinakadakila. Ukol kay Allāh ang papuri.)"¹
5. Ang pagsisigasi sa pagganap ng ṣalāh ng Pagdiriwang para sa hindi tagapagsagawa ng ḥajj, pagpapaaga roon, at pakikinig ng khuṭbah sapagkat tunay na ang mga ito ay kabilang sa mga gawaing-pagsamba sa Islām. Dahil sa kadakilaan ng pumapatungkol sa mga ito, ipinag-utos ang paglabas doon ng mga babae pati na sa mga birhen at mga nirereгла. Ayon kay Ummu `Aṭiyah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: "[Kami noon ay inuutusan na lumabas sa araw ng Pagdiriwang hanggang sa magpalabas kami ng birhen sa silid nito hanggang sa magpalabas kami](#)

¹ Tingnan: Al-Mughnī ni Ibnu Al-Qudāmah (3/290) at Ash-Sharḥ Al-Kabīr Ma`a Al-Muqni` Wa Al-Inṣāf (5/380).

ng nirereгла para ang mga ito ay maging nasa likuran ng mga tao, para sumambit ang mga ito ng takbīr nila, dumalangin ang mga ito ng panalangin nila, at maghangad ang mga ito ng pagpapala sa araw na iyon at pagkadalisay roon." Sa isang pananalita: "Nag-utos siya sa mga nirereгла na humiwalay ang mga ito sa pinagdarasalan ng mga Muslim."¹

6. Ang kadalasan ng mga maayos na gawa kabilang sa mga kinukusang-loob sa mga pagsamba gaya ng ṣalāh, pagkakawanggawa, pagbigkas ng Marangal na Qur'an, pag-uutos ng nakabubuti at pagsaway sa nakasasama, paggawa ng maganda sa mga kapitbahay, pagpapanatili ng ugnayan sa mga kaanak, at iba pa roon na mga maayos na gawain, batay sa pagkapangkalahatan ng sabi ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang anumang mga araw na ang maayos na gawain sa mga iyon ay higit na kaibig-ibig kay Allāh kaysa sa sampung araw na ito." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, ni ang pakikibaka sa landas ni Allāh?" Nagsabi siya: "Ni ang pakikibaka sa landas ni Allāh, maliban sa isang lalaking lumabas kalakip ng buhay niya at ari-arian niya saka hindi na bumalik mula roon na may anuman."²

¹ Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy at Imām Muslim.

² Nagsalaysay nito sina Imām Al-Bukhārīy at Imām At-Tirmidhīy at ang pananalita ay kay Imām At-Tirmidhīy.

Si Allāh ay ang hinihilingan na magpakinabang sa atin ng itinuro Niya sa atin at na magturo sa atin ng ipinakinabang Niya sa atin; tunay na Siya ay Galante, Mapagbigay. Basbasan ni Allāh ang Propeta nating si Muḥammad, ang mag-anak niya at pangalagaan ng maraming pangangalaga.



Index

Ang Kainaman ng Sampung Araw ng Dhulhijjah	2
Panimula.....	2
Ang mga Kalamangan ng Sampung Araw ng Dhulhijjah	4
Ang mga Kalamangan ng mga Gawain sa Sampung Araw ng Dhulhijjah.....	5





رسالة الحرمين

Message of The Two Holy Mosques

Guidance content for the visitors of the Holy Mosque and
the Prophet's Mosque in languages.



978-603-517-519-7